

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Kinilala ang Lungsod ng Brampton para sa kahusayan sa pampinansyal na pagre-report

BRAMPTON, ON (Abril 29, 2021) – Sa loob ng ik-19 na sunod-sunod na taon, ang Lungsod ng Brampton ay nanalo sa Canadian Award for Financial Reporting (CAnFR) mula sa Government Finance Officers Association (GFOA) ng Estados Unidos at Canada.

Ang CAnFR award, na ipinresenta para sa 2019 [Taunang Pinansyal na Report](#) ng Lungsod, ay kumikilala sa kahusayan sa accounting at pinansyal na pagre-report ng pamahalaan, at kumakatawan sa isang mahalagang accomplishment ng lokal na pamahalaan at ng pangasiwaan nito.

Nanalo ang Brampton sa CAnFR award sa pamamagitan ng paglampas sa minimum na mga hinihingi sa Generally Accepted Accounting Principles (GAAP) na itinakda ng Public Sector Accounting Board (PSAB) ng Chartered Professional Accountants (CPA) ng Canada, at sa pamamagitan ng paghahanda ng komprehensibo at de kalidad na taunang pinansyal na report, na nakaugat sa diwa ng transparency at ganap na pagsisiwalat.

Itinatag ang Programa sa CAnFR Award para hikayatin ang mga pamahalaan ng mga munisipalidad sa Canada na ilathala ang de kalidad na pinansyal na mga report at para magbigay ng pagkilala sa mga kasamahan at teknikal na patnubay para sa mga opisyal na naghahanda sa mga report na ito.

Ang taunang pinansyal na report ay hinatulan ng walang kinikilingan na mga miyembro ng Canadian Review Committee na nakatugon sa mataas na pamantayan ng programa, kabilang ang pagpapamalas ng constructive na “diwa ng ganap na pagsisiwalat” na dinisenyo para malinaw na maipaalam ang pinansyal na kwento ng Brampton at para hikayatin ang mga potensyal na mga pangkat ng user na basahin ang report.

Mga Quote

“Ang ating mga tagabayad ng buwis ay hindi umaasa ng iba pa sa atin kundi ganap na transparency at mabuting mga pampinansyal na gawain. Ang pananalo sa prestihiyosong GFOA award para sa pampinansyal na pagre-report ay muling nagkumpirma sa ating commitment sa ating mga mamamayan at pinapalakas ang ating imahe habang patuloy nating hinihikayat ang pambansa at pandaigdigang mga pamumuhunan sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ipinagmamalaki kong sabihin na nanalo ang Brampton sa prestihiyosong CAnFR award para sa pampinansyal na pag-uulat sa loob ng 19 na sunod-sunod na taon. Ang pagtugon sa mahigpit na mga hinihingi para sa programa ng award ay nangangailangan ng mahalagang commitment sa parte ng staff na nakikipagtulungan sa paghahanda ng taunang report.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang CAnFR award ay kumakatawan sa mahalagang accomplishment ng Lungsod ng Brampton at ng pangasiwaan nito. Ang pagkapanalo sa award na ito ay isang patunay ng de kalidad na mga pamantayan ng ating staff at ng Lungsod sa pinansyal na pagre-report at sa mga prinsipyo ng transparency at ganap na pagsisiwalat, na kaayon sa prayoridad ng Konseho ng pagiging Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca